Universal PreKindergarten | California's Great Start

# May mga libre at murang programang preschool sa California para sa mga apat na taong gulang na bata.



**Maraming programang Pre-Kindergarten (Pre-K) at maagang pag-aaral ang California upang matulungan ang inyong anak na umunlad at maghanda para sa kindergarten.**

*Piliin ang Tamang Programa para sa Inyong Pamilya*

## Saan inaalok ang mga libreng programa?

Ang mga programang Pre-K na ito ay iniaalok sa mga child care center (sentro ng pangangalaga para sa bata), bahay, at elementaryang paaralan.

- **Ang mga programang Preschool ng Estado ng California ay ginaganap sa mga child care center, bahay, o elementaryang paaralan.** Maaari maging libre o mura ang mga ito para sa mga pamilyang kwalipikado, kabilang ang mga tumatanggap ng ilang partikular na benepisyo o nakakatugon sa mga panuntunan sa kita. Alamin kung kwalipikado ka rito. Maaaring buong araw o kalahating araw ang mga programa, at maaaring magkaiba ang mga oras sa bawat lokasyon.
- **Ang Transitional Kindergarten (TK) ay libre para sa lahat ng apat na taong gulang, bahagi ng pampublikong sistema ng paaralan ng California, at ginaganap sa mga pampublikong elementaryang paaralan.** Sinusunod ng TK ang regular na kalendaryo ng paaralan (Agosto–Mayo) at nag-iiba ang mga oras batay sa availability ng distrito. May ilang programa na sumusunod sa oras ng paaralan, habang ang iba naman ay kalahating araw.

## Ano ang nangyayari sa mga programang ito?

Binibigyang-daan ng lahat ng programa ang maliliit na bata na matuto sa pamamagitan ng paglalaro bago sila magsimula sa Kindergarten. Mga Bata:

- Makipaglaro sa ibang mga bata upang matutong magbahagi, magpalitan ng pagkakataon, at maging mabuting kaibigan.
- Magtanong at gamitin ang kanilang imahinasyon upang matuto ng mga bagong ideya at lutasin ang mga problema.
- Linangin ang kompiyansa at pagiging independiyente.
- Maghanda para sa Kindergarten sa isang masayang paraan.

## Paano ako matututo pa?

Maaari kayong magsimula sa pagbisita o pagtawag sa mga programang malapit sa inyo at magtanong. Isipin kung ano ang makakatulong sa inyong anak na matuto at umunlad. Magtiwala sa sarili—kayo ang pinakanakakakilala sa inyong anak.

- Para matuto pa tungkol sa Transitional Kindergarten (TK), makipag-ugnayan sa inyong lokal na distrito ng paaralan.
- Para matuto pa tungkol sa mga programang preschool, bisitahin ang California Child Care Resource at Referral Network o tumawag sa 1 (800) 543-7793.

# Mga Dapat Isaalang-alang Kapag Pumipili ng Programang Pre-K

## Ano ang Mahalaga sa Inyong Pamilya

Iba-iba ang bawat bata. Pumili ng programang akma sa mga pangangailangan ng inyong anak at angkop para sa inyong pamilya.

### Lokasyon at Transportasyon

- Maghanap ng programang malapit sa mga tagapag-alaga, sa bahay, o sa trabaho.
- Isipin kung paano ihahatid at susunduin ang inyong anak papunta at pauwi ng bahay. Isaalang-alang: trapiko sa umaga/gabi, gastos sa transportasyon, atbp.
- Tiyaking angkop ang iskedyul para sa inyo. May ilang programa na may bayad kapag hulli na ang pagsundo.

### Gastos

Maraming programa ang libre o mura.

- **Mga programang preschool:** Libre o mura para sa mga pamilyang kwalipikado, kabilang ang mga tumatanggap ng ilang partikular na benepisyo o nakakatugon sa mga panuntunan sa kita. Alamin kung kwalipikado ka rito.
- **Transitional Kindergarten (TK):** Libre para sa lahat ng apat na taong gulang.

### Mga Oras at Iskedyul

Magtanong sa mga programa tungkol sa:

- Mga opsyon na full-day o part-day
- Pangangalaga bago o pagkatapos ng programa - ano ang hitsura nito?
- Mga iskedyul ng maikling pagtulog (nap time)
- Kung bukas ba ang mga ito buong taon
- Mga iskedyul para sa holiday at tag-init

### Mga Pagkain at Meryenda

- Magtanong kung nagbibigay ang programa ng almusal, tanghalian, o meryenda, o kung kailangan ninyong magpabaon ng pagkain mula sa bahay.
- Magtanong kung libre o mura ang mga pagkain.
- Ipaalam sa programa kung may anumang allergy sa pagkain, espesyal na pangangailangan sa diyeta, o mas gustong pagkain na ayon sa kultura ang inyong anak.
- Kung may allergy sa pagkain ang inyong anak, magtanong kung paano pinananatiling ligtas ng programa ang mga bata habang kumakain.

### Mga Bakuna

- Karamihan sa mga programa ay nangangailangan na napapanahon ang mga bakuna ng mga bata bago magsimula.
- Humingi sa programa ng listahan ng mga kinakailangang bakuna at kung kailan dapat makumpleto ang mga ito.
- Kung may kulang na bakuna ang inyong anak, magtanong kung paano makakakuha ng tulong o kung saan dapat pumunta.
- Dalhin ang talaan ng bakuna ng inyong anak kapag mag-e-enrol kayo.

### Pagsasanay sa Pag-ihi at Pagdumi (Toilet Training)

- Hindi kinakailangang marunong nang magbanyo (potty-trained) ang mga bata sa Transitional Kindergarten (TK).
- Maaaring kakailanganin ng mga programang preschool na marunong nang magbanyo ang mga bata.
- Magtanong tungkol sa mga patakaran sa pag-ihi at pagdumi at kung tumutulong ba sila sa pagsasanay bago kayo mag-enrol.



## Mga Batang may Kapansanan

Itanong sa programa kung:

- Isinasama nila ang lahat ng bata sa iisang silid-aralan.
- Nag-aalok sila ng suporta tulad ng speech therapy (therpy sa pagsasalita) o tulong sa pag-uugali.
- Nakikipagtulungan sila sa mga pamilya upang matugunan ang mga pangangailangan ng bawat bata.
- Nagbibigay sila ng suporta para mapangasiwaan ang mga paggambala sa loob ng silid-aralan.

## Maraming Wika

May ilang programa na nag-aalok ng **dalawang wika/dual-language** o **bilingual na klase**. Kung ang inyong anak ay gumagamit ng wikang maliban sa Ingles, magtanong ng:

- Nakakapagsalita ba ang mga guro ng wikang ginagamit ng aking anak sa bahay?
- Maaari bang gamitin ng aking anak ang kanilang wikang ginagamit sa bahay sa paaralan?
- Paano ninyo tinutulungan ang mga batang nag-aaral ng Ingles?

# Magtiwala sa Sarili

Bisitahin ang mga programa, magtanong nang maraming katanungan, at piliin ang programang sa tingin ninyo ay tama para sa inyong pamilya.

### Kailangan ba ninyo ng tulong sa paghahanap ng programa?

Makipag-ugnayan sa inyong lokal na Child Care Resource at Referral Network para matuto pa tungkol sa mga opsyon sa preshool. 1 (800) 543-7793

Bisitahin ang Trustline kapag pumipili ng mga in-home preschool program (programang preschool sa loob ng bahay).

Bisitahin ang website ng maagang pag-aaral ng inyong distrito ng paaralan para sa karagdagang impormasyon tungkol sa TK.

## Mga Maaaring Itanong Kapag Bumisita Kayo sa Isang Programa

- Magkano ang gagastusin? Kwalipikado ba ako para sa pinansyal na tulong?
- Ano ang mga oras? May pangangalaga ba bago o pagkatapos ng klase?
- May available bang puwesto, o may waiting list?
- Nagbibigay ba kayo ng pagkain?
- May pangangalaga ba sa tag-init at/o holiday?
- Kailangan bang marunong nang magbanyo (potty-trained) ang aking anak?
- Anong mga bakuna ang kailangan ng aking anak para makapasok?
- Paano ninyo sinusuportahan ang mga batang may kapansanan?
- Nagsasalita ba ang mga guro ng wikang ginagamit ng aking anak sa bahay?
- May inaalok ba kayong bilingual na programa?



UPK Universal PreKindergarten | California's Great Start